# UNANG SUMATIBONG PAGSUSULIT SA MAPEH III

Unang Markahan

**Music I. Panuto: A. Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa guhit bago ang bilang.**

____1. Anong elemento ng musika ang tumutukoy sa haba o tagal ng tunog o pahinga na may sinusunod na sukat o kumpas?

A. Steady Beat B. Ritmo C. Rhythmic pattern D. Stick notation


____2. Alin sa mga sumusunod na simbolo ang nagpapahiwatig ng pulso ng tunog?

A.  B.  C.  D. 


____3. Alin sa mga sumusunod na kagamitan sa bahay ang may regular na pulso?

A.orasan B. gitara C. t.v.

B. Lagyan ng check (/) sa ilalim ang simbolong nagpapahayag ng pulso at lagyan naman ng ekis (X) ang simbolong nagpapahayag ng katahimikan o pahinga.

4. 

____ ____ ____ ____

5. 

____ ____ ____ ____

____6. Ang isang ___ sa stick notation ay katumbas ng isang bilang sa sukat na 2, 3 at 4

a. pulso b. nota c. steak

____7. Masasabi nating ang sukat ay may ____ kung may dalawang kumpas sa isang sukat o measure.

A. isahan B. dalawahan C. apatan

____8. Ang isang stick ( | ) sa notation ay katumbas ng isang____.

A. quarter note b. whole note c. quarter rest

____9. Masasabing mong may sukat na apatan kung may _____ na kumpas sa isang sukat o measure.

A. Isa B. dalawa C. Apat

____10. Ano ang tamang larawan ng isang quarter rest? A.  B.  C. 

Arts

**II. A. Basahing mabuti ang mga sumusunod na pangungusap. Iguhit ang / kung ang pangungusap ay wasto. Iguhit naman ang x kung hindi wasto.**

_________1. Iginuhit ng maliit ang larawan ng tao kapag ito ay malayo sa tumitingin.

_________2. Dapat na isaalang-alang ang laki at liit ng tao sa pagguhit ng larawan ayon sa distansiya.

_________3. Ang kulay ng mga bagay na malapit sa sa tumitingin ng larawan ay matingkad habang ang malayo ay mapusyaw.

_________4. Nagiging masama ang disenyo ng guhit kapag ginagamitan ito ng ilusyon ng espasyo.

_________5. Si Dana ay gumuhit ng isang mataong lugar. Upang mas magmukhang malayo ang tumitingin, kinulayan niya ito ng matitingkad na kulay.

**B. Panuto: Isulat ang letra ng TAMA o MALI.**

**________6.** Ang still life drawing ay isang pamamaraan ng pagpapakita ng pagiging malikhain sa pagguhit ng mga bagay na walang buhay.

LIVEWORKSHEETS

________7. Ang pointillism naman ay ang  paglalagay ng maliliit na tuldok upang makabuo ng larawan.

________8. Ang cross hatch lines ay tanda ng dalawa at higit pang intersecting parallel lines.

________9. Ang tekstura ay panlabas na katangian na isang bagay na nahihipo o nadarama.

________10. Maaaring matigas,malambot, makinis o magaspang ang tekstura ng isang bagay

**P.E. III. Pagtambalin ang hanay A at hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot sa guhit bago ang bilang.**

| Hanay A. | Hanay B |
|---|---|
| ____1. Iangat ang kamay kapantay ng dibdib habang nakataob ang mga kamay at ibaling ang katawan pakanan at pakaliwa | a. Trunk Twist |
| ____2. Iangat ang kanang paa at paikutin ito sa kanan at kaliwa. Ulitin sa kaliwang paa. | b. Shoulder circle |
| ____3. Itungo ang ulo gamit ang suporta ng kamay at itingala ang ulo gamit ang suporta ng kamay. Iyuko ang ulo papunta sa kanan gamit ang suporta ng kamay at bumalik sa orihinal na posisyon.Gawin din ito sa kanan. | c. Head twist |
| ____4. Habang nakababa ang mga kamay sa tagiliran, igalaw ang balikat pauna habang nakababa ang kamay sa tagiliran, at igalaw ulit ang balikat palikod habang nakabaaba pa rin ang kamay sa tagiliran | d.  Pagpapaikot ng bukong-bukong ng paa |
| ____5. Ibaling ang ulo pakanan at bumalik sa dating posisyon. Ibaling uli ang ulo sa kaliwang direksiyon at balik sa ating posisyon. | e. Head bend |

**B. Panuto: Tukuyinang kilos na ipinapakita sa bawat larawan. Piliin ang sagot mula sa kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot.**

| | |
|---|---|
| a. head bend | b. head twist |
| c. pagpapaikot ng bukong-bukong ng paa | d. trunk twist |
| e. shoulder circle | |

____1.

____2.

____3.

____4.

____5.




Health

IV. Panuto: A. Basahin at unawain ang bawat tanong. Piliin at isulat ang titik ng tamang  sagot sa guhit bago ang bilang.

LIVEWORKSHEETS

____1. Si Alvin ay madalas na magpuyat sa gabi dahil sa paglalaro sa kaniyang cellphone. Ito ba ay nagpapakita ng pagiging malusog? Bakit?

A. Opo, dahil magiging magaling siya sa paglalaro.
B. Opo, dahil nagpapaantok muna siya sa gabi bago matulog.
C. Hindi po, dahil kulang na ang oras ng kaniyang pagtulog.
D. Hindo po, dahil magagalit ang nanay niya.

____2. Si Joy at Jay ay kambal ngunit sila ay magkaiba ng pangangatawan. Si Joy ay mahilig kumain ng mga prutas at gulay habang si Jay naman ay mas gustong kainin ang mga frozen food tulad ng hotdog, tocino at iba pa. Sino sa dalawa ang sa tingin mo ay may magandang pangangatawan? At bakit?

A. Joy, dahil masusustansiya ang kaniyang kinakain
B. Joy, dahil hindi siya mapili sa pagkain.
C. Jay, dahil gusto ko rin ang mga kinakain niya.
D. Jay, dahil maganda sa katawan ang frozen food.

____3. Anong sakit ang naidudulot sa ating katawan ng kakulangan sa Calcium?
A. Goiter B. Anemia C. Dengue D. Osteoporosis

____4. Madalas na makaramdam ng pamamaga ng mata at hirap din sa paglunok ng pagkain si Gina. Anong mineral ang kulang sa kaniyang katawan?
A. Iron B. Calcium C. Iodine D. Vitamin

____5. Alin sa mga sumusunod na pagkain ang makakatulong upang mapunan ang kakulangan sa Iron?
A. red meat B. hipon C. gatas D. yogurt

**B. Isulat ang Oo kung wasto at Hindi kung mali.**

_____6. Ang malnutrisyon ay ang pagkain ng sobra.

_____7. Ang malnutrisyon ay ang pagkain ng kulang.

_____8. Ang malnutrisyon ay hindi pagkain ng masusustansiyang pagkain.

_____9. Si Gilbert ay tumataba siya ay nararapat kumain ng marami.

_____10. Si Anna ay hindi mahilig sa mga aktibong laro kaya siya ay magkakasakit.

LIVEWORKSHEETS